

Epektibong Pagtuturo Ng Mga Guro Kaugnay Sa Performans Ng Mga Mag – aaral Sa Filipino Sa Bagong Normal Na Edukasyon

Rachel Ann I. Bali, MAFIL; Gemma S. Orosca, MAFIL

Instructor, Jose Rizal Memorial State University, Siocon Campus, Siocon Zamboanga del Norte, Philippines

Instructor, Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus, Dipolog City, Philippines

ABSTRAK : Ang pangunahing layunin sa pag – aaral na ito ay ang matukoy at masuri ang epektibong pagtuturo ng mga guro kaugnay sa akademikong performans ng mga mag – aaral sa asignaturang Filipino sa gitna ng bagong normal na kalakaran. Ang mga piling respondente ay ang mga mag – aaral na kasalukuyang kumukuha ng BSED Filipino Program mula sa Departamento ng Edukasyon ng Jose Rizal Memorial State University System sa taong panuruan 2021 – 2022. Ginamit ang Kwantitatibong Desenyo ng pag-aaral sa pamamagitan ng deskriptibong pag - aanalisa ng mga datos. Ang metodong ito ang angkop para sa pag- aaral dahil malinaw nitong mailalarawan ang mga umiiral na mga kondisyon base sa pag- unawa ng mga respondente tungkol sa kanilang mga karanasan. Natuklasan mula sa pag – aaral na ang mga respondente sa anumang domeyn, gaya ng kognitib, afektib at saykomotor ay kapwa epektibo ang kanilang pagkatuto ng mga respondente. Gayundin sa estado ng kanilang pag – aaral hinggil sa pagpapatupad ng mga guro gamit ang Flexible Learning System ay nagpapakita ng epektibong performans ng mga respondente. Kalakip ang kanilang performans sa bawat asignatura ng Filipino ay kasiya – siya. Samakatuwid, nagampanan ng mga guro nang buong husay ang kanilang pagtuturo kahit pa man sa pagbabagong nagaganap. Iminumungkahi ng mananalaksik na gamitin ang portfolio na nabuo bilang bahagi sa pagpapaunlad ng kanilang performans sa asignaturang Filipino.

Susing Salita: Asignaturang Filipino, Bagong Normal, Edukasyon, Epektibong Pagtuturo

I. INTRODUKSIYON

Ang dating nakasanayan na paraan sa pagtuturo ay biglang naglaho at unti – unting napalitan ayon sa bagong bihis sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga lokal na awtoridad, ang Komisyon sa Mataas na Edukasyon (CHED) at ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay walang sawang naghanap ng iba't ibang paraan upang magawa pa ring maipagpatuloy ang pag-aaral ng mga kabataan. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagkakaroon ng pisikal na klase at pag-oobserba ng social distancing upang hindi na mas lalong lumubo ang bilang ng mga taong nagkakasakit. Unang prayoridad ang kaligtasan ng mga guro at mag-aaral, kaya sumibol ang bagong normal na pagtuturo at pagkatuto sa larangan ng edukasyon. Kaugnay nito, kailangan ang mga guro ay dumaan sa samo't saring webinar at lektura upang mabigyan ng sapat na kaalaman hinggil sa kontemporaryong pamamaraan, dulong, estratehiya at gayundin din ang mga kagamitang pampagtuturo na may integrasyon sa multimedia.

Sa tuluyang pagyakap sa bagong normal na edukasyon, nagsilitawan ang iba't ibang learning delivery modalities tulad ng home schooling, online learning, modular learning at blended learning. Isang mainit na usapin ito ukol sa kung ano ang kalidad na pagkatuto ang malilintang ng mga mag – aaral kung ang gamit sa pagtuturo at pagkatuto ay sa mga paraang nabanggit. Kabilang na rito ang Jose Rizal Memorial State University na ang gamit sa karamihan ay ang komninyasyon ng online at modular learning modality. Sinasabi na hindi ganoong katibay ang kaalaman na pinapanday ngayon sapagkat hindi naman magkakapareho ang pag-unawa ng mga mag-aaral at hahantong pa rin sa punto na mas hahanapin nila ang presensya ng guro para sa maiging paglilinaw ng mga aralin.

Ayon sa pahayag ni Casanova (2020) nananatiling hamon ang pandemya sa pagtuturo ngayon, ngunit mas maalab ang hangarin na buhayin ang dagitab ng pag-asa sa puso ng bawat mag-aaral. Marami mang balakid ay maari pa din na itaguyod ang pag-aaral lalo't higit ang pangangailangan sa mga inpormasyong lilinang sa kanilang kaalaman sa bansa, akademiko, kalikasan at sarili. Ang paglinang ng akademikong pagkatuto ay mananatili gamit ang iba't ibang pamamaraan at isa na rito ang teknolohiya na may malaking ambag sa kasalukuyang panahon. Dagdag nito, ang pagkakaroon ng isang matibay na pundasyon sa larangan ng edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng isang lipunan tungo sa isang masaganang ekonomiya, ayon kay (Iglesia, (2016). Samakatuwid, tuloy ang pag – aaral kahit nasa gitna ng krisi - pangkalusugan.

ito ay sumubok sa katatagan bilang mga tao. Anu't-ano pa man, kinakailangan lumaban at suungin ang hampas ng mga along sumasalubong sa kasalukuyan upang maitawid at maiparanas sa mga mag-aaral ang pagtuturo ng mayroong kalidad at kalinangan — patungo sa pagpaslang sa kamangmangan na magdudulot sa mas magandang kinabukasan sa kanilang lahat. Ipinakita ng pandemyang ito ang mga pagbabagong dapat pang maganap sa kabuoang sistemang pang-edukasyon na sama-samang tinutugunan ng kaguruan sa bansa. Gayunpaman, ang mga hamong ito ang magiging daan upang tumatag bilang tagapagtaguyod ng karunungan sa bansa at bilang pag – asa ng bayan.

Kakambal sa pagbabagong nagaganap ang pagtanaw sa kalinangang pagkatuto ng mga mag – aaral. Kaya naman isinagawa ang pag-aaral sa tunguhing masipat at masuri ang pagkatuto ng mga mag – aaral kaugnay sa epektibong pagtuturo ng mga guro sa bagong sistema ng Jose Rizal Memorial State University System. Sa likod ng kanilang mga karanasan, matukoy ang kanilang akademikong pagganap mula sa kanilang kursong at ang masuri ang performans nila sa asignaturang Filipino. Sa ganitong pamamaraan, higit na makakatulong ang anumang resulta upang magawang makita ng institusyon ang mga pangunahing pangangailangan at suliranin ng mga mag – aaral na kinakaharap nila sa kanilang pag – aaral. Malaking oportunidad ito upang mabigyang tugon ang anumang kakulangan sa sistemang ginagamit ng naturang pamantasan at makapagbahagi ng makabuluhang gabay ukol sa mga pinakamahusay na nakagawian na kanilang inaalok. Karagdagan pa, ang pag-aaral na isinagawa ay tulong na din sa pagsasakatuparan sa misyon ng unibersidad na pagpapaligay sa kalidad na edukasyon sa bansa at maging sa global na larang.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Pangunahing layunin sa pag-aaral na ito na matukoy at masuri ang epektibong pagtuturo ng mga guro kaugnay sa antas ng akademikong performans ng mga mag – aaral sa asignaturang Filipino sa gitna ng bagong normal na kalakaran. Ang mga piling respondente ay ang mga mag – aaral na kasalukuyang kumukuha ng BSED Filipino Program mula sa Departamento ng Edukasyon ng Jose Rizal Memorial State University System sa taong panuruan 2022 – 2023.

1. Anong antas ng pagkatuto ng mga respondente sa asignaturang Filipino kaugnay sa epektibong pagtuturo ng mga guro sa bagong normal kung susuriin batay sa mga sumusunod:

2.1. konstratibismong pagkatuto

- 1.1. kognitib;
- 1.2. afektib; at
- 1.3. saykomotor;

2.2. Flexible Learning System

- 2.1. flexible access;
- 2.2 flexible content;
- 2.3 flexible participation;
- 2.4 flexible teaching and learning methods;
- 2.5 flexible resources; at
- 2.6 flexible assessment?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang demograpikong propayl ng mga respondente kung iuugnay sa kanilang antas ng pagkatuto sa asignaturang Filipino sa bagong normal na edukasyon?

4. Anong ang performans ng mga respondente mula sa kanilang General Average sa asignaturang Filipino ng ikalawang semestre sa taong panuruan 2021 - 2022?

6. Mayroon bang makabuluhang pagkakaugnay ang anats ng pagkatuto ng mga respondente kung susuriin ayon sa kanilang performans sa asignaturang Filipino?

7. Mula sa resulta ng pananaliksik, anong inobatibong pamamaraan ang mabubuo sa pagpapaunlad sa kalidad na pagtuturo at pagkatuto na magagamit ng mga respondente sa paglinang ng kasanayan bilang tugon sa bagong normal na kalakaran?

III. KAUGNAYAN NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Akadimikong Performans

Talsma et al. (2021) ay nagsasaad ng mga pangunahing aspeto ng dulot ng pandemya sa akademikong performans ng mga mag – aaral. Ang ilan sa mga elemento ay: pisikal na paghihiwalay ng guro at mag-aaral, nangyayari ang pag-aaral sa konteksto ng isang institusyong pang-edukasyon, ginagamit ang teknikal na media, pakikipag-usap ang guro at mag-aaral, posible ang mga pagpupulong sa harapan, at ginagamit ang isang pang-industriya na modelo ng pagbibigay ng edukasyon. Mas kamakailan-lamang na iba't ibang mga kahulugan ng DE ay tila batay sa pananaw ng iba't ibang mga tagapagturo at upang ipakita ang kulturang pang-edukasyon ng bawat. Gayunpaman, ang ilang mga karaniwang tagapaglarawan ay tila tinanggap ng karamihan sa mga stakeholder sa

larangan. Ang edukasyon sa distansya ay isang karanasan sa pang-edukasyon kung saan ang mga nagtuturo at nag-aaral ay pinaghiwalay sa oras at espasyo na nangangahulugang maaari itong mangyari na malayo sa isang institusyong pang-akademiko at maaaring humantong sa isang degree o kredensyal. Mayroong mga kalamangan at kawalan sa pagkuha ng mga kurson. Ang ilan sa mga kalamangan ay self-paced study, oras at kakayahang umangkop sa espasyo, nakakatipid ng oras (walang pagbawas sa pagitan ng bahay at paaralan) at ang katunayan na ang isang kurso sa pag-aaral sa malayo ay madalas na mas mababa ang gastos. Kabilang sa mga hindi pakinabang ay isang pakiramdam ng paghihiwalay, pakikibaka sa pananatiling motivate, kawalan ng pakikipag-ugnay sa harapan, kahirapan sa pagkuha ng agarang feedback, ang pangangailangan para sa pare-pareho at maaasahang pag-access sa teknolohiya, at paminsan-minsan ay nahihirapan sa akreditasyon (Keegan, 2002).

Flexible Learning System

Ayon sa Scholarships Position (2014) walang alinlangan, ang pag-aaral sa distansya ay nag-aalok ng iba't ibang mga pagkakataon sa mga mag-aaral na makamit ang mas mataas na edukasyon, ngunit hindi lahat tungkol sa mga benepisyo at pakinabang. Ang distansyang paraan ng edukasyon ay nag-aalok sa mga mag-aaral ng kakayahang umangkop upang magpasya at kung ano ang nais nilang malaman. Kaya, sa naturang kakayahang umangkop, ang pag-aaral sa distansya ay malapit nang magiging pinakapaboritong pagpipilian at bukas na pamamaraan ng pag-aaral para sa mga mag-aaral ngayon, lalo na para sa mga nagtatrabaho na propesyonal. Ngunit bukod dito, makikita rin ang kahinaan nito na nahihirapan umangkop ang mga mag-aaral na matuto at makasabay dahil sa kakulangan resources sapagkat limitado lamang ang mapagkukunan nila sa mga bahay. Isinasaad sa pag-aaral na upang maging matagumpay ang pamamaraang ito, kinakailangang balansehin muna ang mga bagay bagay bago ipatupad ang makabagong paraan ng pag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Ramirez- Marcial et. al. (2006), ang modular distance learning ay nagtatampok ng individualized instructions o pang-isahang panuto na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na gumamit ng Self-Learning Module (SLM) na nakaprint o digital na porma/elektronikong kopya, alinman ang naaangkop sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Maaari ring gumamit ng iba pang mga kagamitan ng mag-aaral, mga aklat-aralin, sheet ng aktibidad, gabay sa pag-aaral at iba pang materyales sa pag-aaral. Kaugnay nito, ayon kay Geiser at Santelices (2007) ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay naapektuhan ng ilang mga salik tulad ng: puntong pagpasok, kalagayang pang-ekonomiya at kaligirang pampaaralan. Sa kabila ng mga pagsubok at sa mga hamon na tatahakin.

Ayon naman kay Murphy at Alexander (2000) na ang mga materyales sa pagtuturo para sa modular distance ang pinakaepektibo kung nakasulat ang mga ito nang may tumpak na layunin at ang mga aktibidad sa pag-aaral ay hinabi sa loob ng yunit ng pag-aaral. Ang mga aktibidad sa pag-aaral ay kritikal sa pag-chunk ng nilalaman sa naaangkop na mga segment ng pagkatuto. Mahalaga ang pagmamasid ni Murphy na isinasaalang-alang na ang isang mag-aaral sa distansya ay malamang na mag-aaral nang nag-iisa at sa gayon ang mga kagamitang panturo ay dapat na kumpleto. Ang diskarte upang isama ang mga aktibidad sa pag-aaral sa ang mga kagamitang panturo ay umaalingawngaw nang maayos sa diskarte sa konstruktivist, na binibigyang diin ang sariling aktibidad ng mag-aaral bilang mekanismo para sa pag-aaral (Elen & Clarebout, 2001). Bukod dito, mayroon kailangan para sa mga tagadesenyo ng pagtuturo upang mabuo ang sitwasyon ng pakikipag-ugnay sa isang madaling gamitin na tono. Ayon naman kay Freeman (2004) ang Distance Learning ay tumutukoy sa paggamit ng isang aktibong boses tulad ng 'kami' at 'ikaw' at ang paggamit ng maikling pangungusap bilang kapaki-pakinabang sa pagpapanatili ng isang friendly na tono.

Sa pag-aaral ni Pe Dangle (2020), na pinamagatang "The Implementation of Modular Distance Learning in the Philippine Secondary Public Schools", inilahad ang datos na nagsasaad na maraming hamon ang nakatagpo ng mga guro sa Pag-aaral sa Distansya (Distance Learning). Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi maaaring mag-aaral nang nakapag-iisa. 70% sa mga ito ay hindi madaling sumunod mga tagubilin sa mga modyul. Sa gayon, ang mga modyul ay madalas na naipadala nang huli, at ang karamihan sa mga sagutang papel ay inihiwang blangko. Ang mga guro rin sa kabilang bahagi ay kulang sa mga mapagkukunan para sa pagpaparami at paghahatid ng mga modyul. Minsan, ang printer ay hindi gumagana nang maayos. Sa pinakamasamang kaso, minsan walang kuryente. Samakatuwid, maranasan nila kahirapan sa pagpi-print at paggawa ng masa ng mga modyul. Ang ilang mga nag-aaral ay hindi maaaring tapusin ang kanilang mga modyul sa oras sapagkat karamihan ay ginugugol nila ang kanilang oras sa pag-aaral sa pagtuturo sa kanilang mga kapatid sa kanilang mga modyul at pagtulong sa kanilang mga magulang sa bukid. Iniisip ng mga guro na ang mga sagot ng mga mag-aaral sa kanilang mga modyul ay walang bisa, at malamang, ang kahusayan sa mga aralin ay imposibleng makamit. Kulang ang kaalaman ng mga magulang upang matulungan ang kanilang anak/mga anak. Ayon sa ilang guro, ang ilang mga magulang ay hindi nakatapos ng kanilang pag-aaral. Ang ilang mga guro ay may mahinang signal ng cellphone. Panghuli, maraming mga gawaing papel ang mga guro; mga papel na susuriin at itatala. Ang pagkakahalintulad ng unang pag-aaral sa kasalukuyan ay ang pagtukoy sa bungang dulot ng pag-iimplenta ng distance learning samantalang ang pagkakaiba ay ang pokus na respondente, lugar at oras ng pag-aaral.

Ayon naman kina Simui et. al (2020) na pinamagatang “Distance Learner’s Perspective on User-Friendly Instructional Materials at the University of Zambia”, natuklasan na isa sa nagdala bilang unang mga hamon ay ang kinakailangang disenyo ng pagtuturo, lalo na sa mga pamayanan na hindi mahusay ang mapagkukunan kung saan nakaimprenta at dapat nababasa ang nangingibabaw na daluyan ng tagubilin. Na-highlight sa papel na ito na batay sa pagtuturo na gamit ang mga printed na mga materyales ay maaaring isaalang-alang na madaling gamitin kung ang mga materyales ay umaayon sa sampung elemento na tinalakay sa itaas Ang mga elementong ito ay: (i) pangkalahatang pagtatanghal at lay-out ng nilalaman; (ii) pagsasama ng mga layunin; (iii) paggamit ng interaktibong wika; (iv) laki ng sulat at modyul; (v) pagkakaugnay ng mga ideyang ginamit; (vi) paggamit ng mga guhit; (vii) pagsasama ng mga aktibidad; (viii) ang paliwanag ng mga teknikal na termino; (ix) pagsasama ng mga sitwasyon sa totoong buhay; (x) mga item sa pagtatasa. Inaasahan na sa sandaling ang mga nakalistang elemento ay isinasama sa panahon ng disenyo at pag-unlad ng mga kagamitang panturo, ang kalidad ng pag-aaral sa distansya ay gagawin dahil dito mapabuti. Ang pagsusuri sa mga resulta ng paggamit ng modyul ang pagkakaipareha ng pag-aaral. Habang mas malawak lamang ang saklaw o sakop ng naunang pag-aaral maging ang pangkat ng respondente at kapaligiran ng pag-aaral ang naging kaibahan nito sa kasalukuyang pag-aaral.

Ayon naman sa pag-aaral ni Patricia Fidalgo (2020) na pinamagatang “Students Perceptions on Distance Education: A Multinational Study”, isinasaad na mayroong mga kalamangan at kawalan ang distance education. Ang ilan sa mga kalamangan ay sariling pag-aaral, oras at kakayahang umangkop sa espasyo, nakakatipid ng oras (walang pagbawas sa pagitan ng bahay at paaralan) at ang katunayan na ang isang kurso sa pag-aaral sa malayo ay madalas na mas mababa ang gastos. Kabilang sa mga hindi pakinabang ang isang pakiramdam ng paghihiwalay, ang pakikibaka sa pananatiling motivate, kawalan ng pakikipag-ugnay sa harapan, kahirapan sa pagkuha ng agarang feedback, ang pangangailangan para sa pare-pareho at maaasahang pag-access sa teknolohiya, at paminsan-minsan ay nahihirapan sa akreditasyon. Ang hangaring bunga ng distance education o distance learning set-up ang pagkakatulad ng dalawang pag-aaral, samantalang ang pagkakaiba ay sa oras, lugar, at respondente.

IV. METODOLOHIYA

Inilahad sa bahaging ito ang mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik, sa instrumenting ginamit, estadikal na pamamaraang ginamit, pagpili ng respondente, at pagtitipon ng datos. Masusing pinili at inalisang mga mananaliksik ang mga ginamit na instrumento.

Pamamaraan ng Pag-aaral

Ang disenyong ginamit sa pag – aaral na ito ay ang Quantitative Correlational na pagsisiyasat . Ang metodong ito ang angkop para sa pag- aaral dahil malinaw nitong mailalarawan ang mga umiiral na mga kondisyon base sa pag - uunawa ng mga respondente tungkol sa kanilang mga karanasan na nakaangkla sa Bagong Normal na Edukasyon bilang batayan sa kanilang akademikong pagganap. Ang gawaing ito ay nakasandig sa sistematikong paraan ng pagsusuri upang mapalutang ang tunguhin ng pag – aaral nang ito ay may malaking ambag sa akademikong Filipino. Ginamit din sa pag – aaral ang pakikipanayam ng iilang mga respondente upang mapagtibay ang resulta ng talatanungan.

Instrumentong Gagamitin sa Pag-aaral

Ang mananaliksik ay ginamit ng sariling gawang talatanungan bilang kasangkapan sa pagkalap ng mga datos kasama ang personal at online na pakikipanayam na gagamitan naman ng inihandang mga katanungan. Ang talatanungan ay mahahahati sa limang bahagi. Ang unang bahagi ay tungkol sa mga personal na datos ng mga respondente, gaya ng edad, kasarian, estadong sibil, kursong kampus na kinabibilangan, kasalukuyang taon, buwanang kita sa pamilya at lugar na tinitirha. Samantala, ang pangalawang bahagi ay ang karanasan ng mga mag – aaral na nakaangkla sa tatlong (30 teorya sa pagtukoy at pagsuri. Ito ay ang mga sumusunod na kanilang karanasang sinuri: ang Konektibismong Pagkatututo kung saan saklaw rito ang internet connection, gadgets na ginamit at ang pinasyal na pangangailangan. Ang isa pang teorya ay ang Konstruktibismong Pagkatuto na kung saan sinuri ang kognitib, afektib at saykomotor. Ang panghuling teorya ay ang Flexible Learnig System, sakop sa pagsusuri ay ang flexible content, flexible resources, flexible teaching and learning method at ang flexible assessment.

Paraan ng Pagpili ng mga Tagatugon

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay nakuha gamit ang formula ni Slovin at random sampling na binubuo ng mga mag-aaral ng Jose Rizal Memorial State University System na napasailalim sa limang (5) kampus. Ito ay ang Main Kampus na nasa lungsod ng Dapitan, Dipolog Kampus na nasa lungsod ng Dipolog, Katipunan Kampus na nasa Munisipalidad ng Katipunan, Siocon Kampus na makikita sa Municipality Siocon at Tampilisan Kampus na nasa Munisipalidad ng Tampilisan. Sila ang mga respondente na kasalukuyang kumukuha ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino. Kung mayroong mga mag-aaral na hindi magbibigay ng pahintulot na ipakita ang kanilang mga marka ay hahanap ng iba at papalitan ang naunang napili.

Pangangalap ng mga Datos

Pagkatapos patotohanan ang talatanungan, may mga liham na ipinadala sa bawat dekanong ng iba't ibang departamento para humingi ng permiso upang maipamamahagi ang mga talatanungan sa mga respondente. Pagkatapos mabigyang paghintulot, ang mga mananaliksik ay namahagi ng mga talatanungan sa mga respondente sa pamamagitan ng personal at online na pamamaraan upang makakuha ng tunay at mapagkakatiwalaan ang mga sagot. Pagkatapos itong masagutan, isinailan ang mga talatanungan upang maihanda sa pagtatala, pag-aanalisa, at pagpapakahulugan sa mga sagot gamit ang angkop na istatistikal na kagamitan. Bilang pagpapatotoo, tinanong ang ilang sa mga respondente gamit ang online na pakikipag – usap ayon sa kanilang tugon na ipinamumudmod. Ang pakikipanayam ay nilimitahan lamang, pinili ito ayon sa may nakakuha na pinakamataas sa deskripsiyon na lubos na nararanasan at nakakaapekto, mangyayayri ay lima sa kanila ang kakapanayamin upang mapalutang ang angkop na dahilan at ang kanilang tugon ay irekord ng mananaliksik. Magtatanong rin ang mananaliksik ng ilang mga respondente na tutugon na may pinakamababang antas upang malaman ang kanilang dahilan at ito ay mapagtibay. Sa pamamagitan ng mga gawaing nabanggit, titiyakin ng mananaliksik na ang lahat na mga ilalatag na interpretasyon ay angkop sa kanilang tunay na danas sa panahon ng kanilang pag – aaral sa gitna ng bagong normal na kalakaran.

Estatistikang Ginamit

Para maging makatotohanan at tiyak ang pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na istatistikal tool ay ginamit para bigyan kahulugan ang mga resulta: bilang ng Frequency, Percentage, Ranking, Pormula ni Slovin, Weighted Mean, Four- Point Scale ni Likert, at Chi-square test.

Paraan ng Pagmamarka

Makikita sa ibaba ang maging hangganan sa pagbibigay ng interpretasyon ng mga datos upang ganap na maunawaan. Inilatag sa unang pagmamarka ang para sa antas ng karanasan ng mga mag – aaral sa kanilang pag – aaral sa gitna ng bagong normal na edukasyon. Samantala, ang isa namang pagmamarka ay para sa marka o grado na nakuha mula sa mga respondente at ito ang general average nila sa asignaturang Filipino.

ANTAS NG PAGKATUTO

Scale	Mean Range	Deskripsyon
4	3.28 – 4.00	Lubhang Epektibo ang Pagkatuto
3	2.52 – 3.27	Epektibo ang Pagkatuto
2	1.76 – 2.51	Hindi Gaanong Epektibo ang Pagkatuto
1	1.0 – 1.75	Hindi Epektibo ang Pagkatuto

Performance ng mga Respondente sa kanilang GENERAL Average sa Bawat Lebel

Scale	Mean	Deskripsyon
4	3.28 – 4.00	Namumukod (Excellent)
3	2.52 – 3.27	Kasiya – siya (Very Good)
2	1.76 – 2.5	Katamtaman (Good)
1	1.0 – 1.75	Di – kasiya – siya (Fair)

Batayang Teorya

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Teoryang Connectivism nina George Siemens at Stephen Downes na binanggit ni Orosca et al. (2019) sa nailathalang papel na pinamagatang Integrasyon ng Multimedia sa Pagtuturo at pagkatuto ng Asignaturang Filipino “na nagpapahayaag na ang pagkatuto ay nalilina gamit ang multimedia upang ang ugnayan sa pagitan ng mga guro at mga mag – aaral ay mapanatili at pamagtibay pa rin sa anumang kaparaanan. Sa pagbabago ng ugnayan sa guro at mag – aaral, ang konektibismong pagkatuto ay nangyayayri sa pamamagitan ng pinatnubayang dulog mula sa mga guro na kanilang ibinahagi sa mga mag – aaral, kahit wala mang pisikal na ugnayan, natutoto pa rin sila sa tulong ng mga nakahandang instruksiyunal na kagamitan sa pagtuturo”. Binigyang-punto nito ang kahalagahan ng internet bilang bahagi sa makabagong paraan na nagbibigay oportunidad sa tao na matuto at magbahagi ng kaalaman at impormasyon sa pamamagitan ng World Wide Web. Kabilang na rin dito ang web browsers, email, wikis, online discussion forums, social networks, you tube at iba pang social media platforms na nagbibigay ng tulong sa mga gumagamit nito sa pagkatuto at pagbabahagi sa ibang tao. Sa usapin ng pagkatuto, may kanya – kanya itong paraan at nakadepende lamang sa taong tagatanggap ng impormasyon kung paano niya ito inuunawa.

V. RESULTA AT INTERPRETASYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta at interpretasyon sa isinagawang pag-aaral. Ito ay nakabase sa mga nakalap na datos tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto. Inilahad din ang mga marka, salik, at makabuluhang ugnayan ng salik sa grado sa bawat talahanayan.

Talahanayan 1. Antas ng Pagkatuto ng mga Respondente Ayon sa Kognitib Domeyn

Kognitib Domeyn na Pagkatuto	AWV	Deskripsyon
1. Natutulungan ang sarili sa epektibong pang – unawa dahil sa pansariling pagtugon sa lahat ng mga gawain na nakaangkla sa bagong normal.	3.07	Epektibo ang Pagkatuto
2. Mas nahahasa ang potensyal sa pagkatuto ng asignaturang Filipino kahit mag – isa lamang na tumataguyod sa modyular na gawain.	2.89	Epektibo ang Pagkatuto
3. Hindi napapabuti ang retensyon at pag – unawa sa talakayan dahil walang remedial na gawaing naibibigay ng guro kaya hindi masyadong natutunan ang paksa.	2.88	Epektibo ang Pagkatuto
4. Nagkaroon ng kalituhan sa mga panutong inilalahad ng mga guro sa kanilang mga gawain kaha hindi natutumpok ang angkop na kasagutan na maging resulta sa pagkatuto ng aralin.	3.01	Epektibo ang Pagkatuto
5. Madalas nawawalan ng gana na matuto sa pag- aaral lalo na sa pagtugon sa lahat na mga gawain dahil sa kakulangan ng pagpapalutang ng guro sa paksa dala na rin sa kawalan ng personal na ugnayan.	2.94	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	2.96	Epektibo ang Pagkatuto

Makikita sa talahanayan 8 ang antas ng pagkatuto ng mga respondente ayon sa Kognitib Domeyn. Mula sa limang pahayag, ang nakakuha ng may mataas na antas ay ang, “*Natutulungan ang sarili sa epektibong pang – unawa dahil sa pansariling pagtugon sa lahat ng mga gawain na nakaangkla sa bagong normal*”. na may 3.07 na Average Weighted mean na may deskripsyong “epektibo ang pagkatuto.”. Implikasyon lamang ito na ang mga respondente ay responsible sa kanilang katungkulan bilang mag – aaral, kahit pa man may kakulangan sa personal na ugnayan ng mga guro at mag – aaral ay nagampanan pa rin nila nang buong husay ang kanilang pag – aaral at ito ay mapagtibay dahil sa natuklasan ng pag – aaral.

Taliwas ito sa pahayag ni Acero na binanggit sa pag – aaral ni Macales (2022) “ang guro ay hindi maaring magturo ng mga bagay na hindi nila alam. Kaya ang lubos na kaalaman sa asignatura o aralin ay ang pinakamahalagang konsiderasyon na maisakatuparan sa pamamagitan ng personal na ugnayanng mga guro at mga mag - aaral” Pinapakita na ang impluwensya ng kaalaman at kabatiran ng guro bilang tagapagturo ay may malaking impak para sa mga mag-aaral subalit ngayong panahon ng pandemya, nangangailangan na ang guro ay may sapat na kabatiran din sa paggamit ng social media at internet sapagkat bahagi ito sa makabagong estilo ng pagtuturo sa kasalukuyan.

Talahanayan 9. Antas ng Pagkatuto ng mga Respondente Ayon sa Afektib Domeyn

Afektib Domeyn na Pagkatuto	AWV	Deskripsyon
Nasisiyahan sa bagong normal na kalakaran dahil nasa bahay lamang palagi at dahil ditto mas napapalawak ang pagtuklas ng iba’t ibang karunungan.	2.83	Epektibo ang Pagkatuto
Nagaganyak sa lahat ng mga gawain na napapaloob sa iba’t ibang modyul dahil sa komprehensibong pagbuo nito na naging dahilan sa pagpapalalim ng karunungan.	2.85	Epektibo ang Pagkatuto
Madalas na nalungkot at depressed dahil sa mga modyul at takdang-aralin na mahirap tapusin ayon sa itinakdang panahon ng pagsusumite.	2.75	Epektibo ang Pagkatuto
Nawawalan ng pokus at palaging balisa dahil sa dami ng mga gawain na napapaloob sa modyul. Kaya nagiging kabagot – bagot ang kanilang pag – aaral.	2.78	Epektibo ang Pagkatuto
Nawawalan ng balanse sa personal na buhay at pag-aaral na sanhi ng kawalan ng kaganyakan sa pagtuklas ng iba’t ibang disiplina.	2.89	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	2.82	Epektibo ang Pagkatuto

Inilatag mula sa talahanayan 9 ang antas ng pagkatuto ng mga respondente ayon sa afektib domeyn. Mula sa resulta, ang nakakuha ng may pinakamataas na antas ng pagkatuto ay ang *“Nawawalan ng balanse sa personal na buhay at pag-aaral na sanhi ng kawalan ng kaganyakan sa pagtuklas ng iba’t ibang disiplina”*., na may 2.89 na Average na epektibo ang pagkatuto. Habang, ang nakakuha ng may pinakamababang antas ng pagkatoto na may 2.75 ay ang, *Madalas na nalungkot at depressed dahil sa mga modyul at takdang-aralin na mahirap tapusin ayon sa itinakdang panahon ng pagsusumite*. Ang natuklasan ay isang patunay na ang bagong normal na kalakaran ng pagtuturo at pagkatuto ay sadyang nagdudulot ng kawalan ng balase sa pang – araw – araw na gawain dahil sa kawalan rin ng taong kaagapay na tanging tutulong sa oras ng pangangailangan, katulad sana ng guro na handang umalalay sa anumang gawain. Ngunit dahil nga sa modyular na pamamaraan kaya nagyayari. Subalit, hindi pa rin ito alintana sa buhay ng mga respondente dahil talagang epektibo pa rin ang kanilang pagkatuto kahit pa sa samu’t saring karanasan at kakulangan sa pagpanday ng kanilang karunungan. Ang resulta ay suportado sa pag-aaral ni Al-Qahtani, (2013) nagsasaad na ang traditional na pag-aaral sa silid-aralan ay pinagtibay mula pa noong sinaunang panahon kung saan ang mga mag-aaral ay tinuturuan ng mga katulad na bagay ng kanilang mga guro sa pamamagitan ng parehong mga pamamaraan. Kung kayat masasabi na may malaking ambag sa mga bata ang tradisyunal na pagtuturo dahil dito malalaman ang aktwal na kalaaman ng mga bata sa paksang tinalakay. Subalit, sa kasalukuyan, ang paggamit ng tradisyunal na pagtuturo ay hindi maaaring ilapat dahil sa kasalukuyang sitwasyon. Kung kayat, hinihikayat ang mga guro na gumamit sa bagong pamamaraan sa pagtuturo katulad ng kasalukuyang pamamaraan gamit ang modyular na dulog.

Talahanayan 10. Antas ng Pagkatuto ng mga Respondente Ayon sa Saykomotor Domeyn

Saykomotor Domeyn na Pagkatuto	AWV	Description
1. Naisasagawa ang lahat na mga gawaing napapaloob sa modyul ayon sa bagong normal na pagkatuto nang mag – isa kahit walang karagdagang patnubay na ibinigay ng guro.	2.75	Epektibo ang Pagkatuto
2. Nakabubuo ng mga inaasahang awtput na nakabatay sa modyular na gawain.	2.90	Epektibo ang Pagkatuto
3. Nakakalikha ng iba’t ibang dulog, teknik at iba pang pamamaraan upang mabigyan ng tugon ang gawaing pang – akademya.	2.85	Epektibo ang Pagkatuto
4. Nahihirapang mailahad ang mga gawain dahil sa dami ng pinapagawa na dala na rin sa kakulangan ng oras at gabay mula sa mga guro.	2.75	Epektibo ang Pagkatuto
5.Hindi madaling maisagawa ang mga panuto dahil sa kawalan ng personal na ugnayan ng mga guro at mag – aaral.	2.80	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	2.81	Epektibo ang Pagkatuto

Mababakas mula sa talahanyan 10 ang antas ng pagkatuto ng mga respondente ayon sa saykomotor na domeyn. Makikita na na may pinakamataas na antas ng pagkatuto ay ang *“Nakabubuo ng mga inaasahang awtput na nakabatay sa modyular na gawain”*. may 2.90 na average. Samantala, ang nakakuha ng may pinkamababaang antas ng pagkatuto ay ang, *“Naisasagawa ang lahat na mga gawaing napapaloob sa modyul ayon sa bagong normal na pagkatuto nang mag – isa kahit walang karagdagang patnubay na ibinigay ng guro at ang Nahihirapang mailahad ang mga gawain dahil sa dami ng pinapagawa na dala na rin sa kakulangan ng oras at gabay mula sa mga guro”* na kapwa may 2.75 na average weighted mean. Isa sa layunin ng pagtuturo kaakibat ang saykomotor na gawain ay ang maisakatuparan ang mga gawaing napapaloob sa talakayan o maging sa modyul, mula sa natuklasan tunay na naisakatuparan ang epektibong pagkatuto dahil lantad mula sa resulta ito. Kahit pa man nahihirapan ang mga respondente sa ganitong pamamaraan ay pilit pa rin nila itong nilalabanan at tuluyang niyakap ang bagong normal na Sistema ng pag – aaral.

Ang resulta nito ay may kaugnayan sa pahayag ni Clavero1 et al. (2022) Ang Epekto ng Pandemya sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Mag-aaral sa Senior High School na ang mga makabagong teknik sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay tunay na nakatutulong sa kamalayan ng mga mga – aaral lalo na sa bagong normal na pamamaraan. Sa pamamagitan ng makabagong teknik sa pagtuturo ay maipapabatid ng guro ang mabisang paraan sa pagtuturo ng kaalaman at kaangkupan sa sarili. Gayon din ang makapagbigay sigla sa mga mag-aaral na madagdagan ang kanilang kaalaman at upang lalong maging mabisa at masanay sa iba’tibang larangan hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi maging sa iba pang disiplina.

Talahanayan 11. Kabuuang Resulta ng Tatlong Domeyn

Domains	Mean	Description
Kognitib	2.96	Epektibo ang Pagkatuto
Apektib	2.82	Epektibo ang Pagkatuto
Saykomotor	2.81	Epektibo ang Pagkatuto
Over-all Mean	2.86	Epektibo ang Pagkatuto

Makikita mula sa talahanayan 11 ang kabuuang resulta ng tatlong domeyn na nakaangkla sa konstraktibismong pagkatuto. Inilatag mula rito na ang Kognitib na Domeyn ang may pinakamataas na Mean na may 2.96 at may kabuuang mean na 2.86 na may deskripsyon na epektibo ang pagkatuto. Nangangahulugan lamang na ang mga respondente ay tunay na mga responsibleng mag - aaral at may sariling kakayahan sa pagpapalawig ng kanilang karunungan kahit pa man kawalan ng personal na ugnayan ng kanilang mga guro. Sila ay nagpapakita ng kanilang pansariling pagsisikap kalakip ang gabay ng mga guro sa tulong ng modyul na ipnamumudmod.

Ang resultang ito ay sinusugan mula sa aklat na “Ang guro at mga Mag – aaral sa Bagong Milenyo na isinulat ni Bureros et.al. (2019), kaakibat nito na turuang mag – isip ang mga mag – aaral, turuang matuto at turuang gumawa ang mga mag – aaral. Sa pamamagitan ng gabay na inilaan ng mga guro, matututo ang mga mag – aaral ayon sa kanilang sariling sikap, sariling teknik at pamamaraan at nang mapalalim ang kanilang karunungan. Sa ganitong sitwasyon, ang mga guro ay tanging facilitator na lamang at hayaaan na ang mga mag – aaral ang gumagawa sa lahat ng gawain at dahil dito sila natututo.

Talahanayan 12. Flexible learning System ayon sa Access

Flexible Access	AWV	Deskripsyon
1. Nababatid ng mga mag-aaral kung kailan magsisimula at matatapos ang isang kurso.	2.98	Epektibo ang Pagkatuto
2. Nakapag-aaral ang mga mag-aaral nang nag-iisa, dumalo sa klase o kombinasyon ng dalawa.	2.98	Epektibo ang Pagkatuto
3. Nakatatakda ang mga mag-aaral sa oras, lugar at takbo ng pagkatuto.	3.09	Epektibo ang Pagkatuto
4. Napag-aaralang muli ng mga mag-aaral ang paksang-aralin kung gugustuhin.	3.05	Epektibo ang Pagkatuto
5. Nabibigyan ng pagkakataon na makikipag-ugnayan ang magaaral sa guro sa lahat ng panahon	2.99	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	3.02	Epektibo ang Pagkatuto

Mapapansin mula sa talahanayan 12 ang antas ng pagkatuto na nakaangkla sa Flexible Learning System kung saan una rito ay ang Flexible Access. Inilatag mula rito na ang pinakamataas na antas ng pagkatuto ay ang, “Nakatatakda ang mga mag-aaral sa oras, lugar at takbo ng pagkatuto.” na may 3.09 na average na may deskripsyong epektibo ang pagkatuto. Habang ang pinakamababa ay ang, “Nababatid ng mga mag-aaral kung kailan magsisimula at matatapos ang isang kurso at Nakapag-aaral ang mga mag-aaral nang nag-iisa, dumalo sa klase o kombinasyon ng dalawa.” Na kapwa may 2.98 na average. Ang resultang ito ay patunay lamang na epektibo ang paggamit ng Flexible Learning System ng JRSMU System at ang patunay nito ay ang ebalwasyon mula sa mga respondente. Ang kabuuang weighted Mean nito ay 3.02 na may deskripsyon na epektibo ang pagkatuto.

Ang mga natuklasan ng pag – aaral ang tanging makapagsasabi kung gaano kaepektibo ang isang bagay. Kaya naman, dahil dito ang naturang Teknik ay lubos na makatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag – aaral lalo na sa sistema ng bagong normal. Sang – ayon ito sa pahayag ni Garcia (2020) kung paano pinaghahandaan ng ilang mga guro ang pasukan sa panahon ng pandemya, ani niya, “nagsisikap para matugunan ang lahat ng responsibilidad ng isang guro.” Patunay lamang nasa kabila ng pagbabago, sininisikap ng mga guro na ayon sa makabagong sistema ng edukasyon ngayong panahon ng tinatawag na New Normal. Masasalamin dito ang pagtugon ng guro sa tawag ng propesyon na pagiging edukador at kung anumang pamamaraan ang gagamitin para lamang mapanatili ang akses nito sa bawat isa.

Talahanayan 13. Flexible learning system ayon sa Content

Flexible Content	AWV	Deskripsyon
1. Nabigyang prayoridad ang mga paksang matutuhan ng mga mag-aaral batay sa inaasahang bunga ng pagkatuto.	3.10	Epektibo ang Pagkatuto
2. Nakapipili ang mga mag-aaral ng mga paksa ayon sa kanilang interes at kakayahan.	2.89	Epektibo ang Pagkatuto
3. Nahahati ang mga kurso at nagagawan ng modyul na maaaring magamit ng mga mag-aaral ayon sa kanilang pangangailangan at sa kasalukuyang sitwasyon.	2.88	Epektibo ang Pagkatuto
4. Nagbibigyan ng oportunidad ang mga mag-aaral na matuto sa iba-ibang lebel batay sa nakahandang problem-based na kurikulum	2.90	Epektibo ang Pagkatuto
5. Naaangkop ang nilalaman ng kagamitang pampagkatuto ayon sa piniling paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, kung online study o modyular o self-study.	2.89	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	2.94	Epektibo ang Pagkatuto

Mula sa talahanayan 13, makikita rito ang antas ng pagkatuto ng mga respondente gamit ang Flexible Learning System ayon sa Content o nilalaman ng modyul. Ang may pinakamataas na antas ng pagkatuto ay ang pahayag na, “*Nabigyang prayoridad ang mga paksang matutuhan ng mga mag-aaral batay sa inaasahang bunga ng pagkatuto.*”. na may 3.10 na average. Habang ang pinakmababang antas ay ang, “*Nahahati ang mga kurso at nagagawan ng modyul na maaaring magamit ng mga mag-aaral ayon sa kanilang pangangailangan at sa kasalukuyang sitwasyon.*” na may 2.88 average. Habang ang pangkalahatang average ay 2.94 na may pagpapakahulugan na epektibo ang pagkatuto. Ang mga natuklasan sa talahanayan na ito ay nagsasad na ang nabuong modyul ay masinop na sinuri at pananalunton ng nilalaman ayon sa wato, buo, malinaw at sistematikong pagbabalangkas ng nilalaman na nakangkla sa inaasahang bunga ng pagkatuto. Tunay na epektibo ang nabuong modyul dahil tanging ang mga respondente ang makapagsasabi at ito ay nagsasaad na epektibo ang kanilang pagkatuto. Sa madaling salita, masinop at komprehensibong modyul ang nabuo at gayundin maayos ang pamamahala ng Flexible Learning ngunibersidad patunay nito, bago pa man ang pagbubuo ng modyul at iba pang hakbang na kakailangan para matugunan ang bagong Sistema ng pagtuturo, ang Jose Rizal Memorial State University sa pangunguna ng FLS Committee ay nagsasagawa ng samu’t saring seminar worksyap para sa mga guro sa pagbuo ng isang komprehensibong Modyul. Bunga ng resulta ng pag – aaral, masasabi na naisakatuparan ang tunguhin ng programa.

Talahanayan 14. Flexible learning system ayon sa Participation

Flexible Participation	AWV	Description
1. Nakapag-aambag at nakakukuha ng benepisyo ang mga mag-aaral sa klase sa anumang sirkumstansya kahit hindi sila nakadadalo ng personal.	2.84	Epektibo ang Pagkatuto
2. Nakahandang umalalay ang mga instruktur at support staff ng paaralan sa tuwing nangangailangan ang mga mag-aaral.	2.89	Epektibo ang Pagkatuto
3. Nakapanood ang mga mag-aaral ng recorded at live streamed lectures kung hindi nakadalo ng personal.	2.87	Epektibo ang Pagkatuto
4. Nakapagsusumite ang mag-aaral ng alternatibong gawain gaya ng repleksyong papel katumbas ng atendants sa klase.	2.99	Epektibo ang Pagkatuto
5. Nakaalalay ang mga tagapayo sa pagdebelop ng abilidad ng mga mag-aaral.	3.07	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	2.93	Epektibo ang Pagkatuto

Mababakas mula sa talahanayan 14 ang antas ng pagkatuto ng mga respondente gamit ang Flexible Learning System ayon sa participation. Inilatag mula sa talahanayan na may 3.07 na average ang may nakakuha ng pinakamataas na antas ng pagkatuto na may deskripsyon na epektibo ang pagkatuto, ito ay ang, “*Nakaalalay ang mga tagapayo sa pagdebelop ng abilidad ng mga mag-aaral.*”. Habang ang may pinakmababang antas ng pagkatuto ay ang, *Nakapag-aambag at nakakukuha ng benepisyo ang mga mag-aaral sa klase sa anumang sirkumstansya kahit hindi sila nakadadalo ng personal*, na may 2.84 na average. Sa kabuuan may 2.93 na average na may deskripsyon na epektibo ang pagkatuto ang FLS na participation. Ang mga natuklasan ay isang indikasyon

na tunay na makabuluhan ang paghahanda at pagbubuo ng FLS program sa pagtugon ng bagong normal na Sistema ng pag – aaral ng mga mag – aaral. Ang participation ng mga guro na siyang tagapgpanday ng Modyul ay tunay na umaakay sa karunungan ng kanilang mga mag – aaral. Bunsod nito, bago pa man nabuo ang modyul ay nagkaroon muna ng pagtataya o assessment ang guro at maging ang komite ng FLS program upang masakyan ang kagustuhan at kawilihan ng mga mag – aaral. Sa pamamagitan nito, magiging sandigan ang resulta sa pagbuo ng modyul. Sang – ayon ito sa pahayag ni Cortes (2010), ang guro ay ang pinakamahalagang baryabol sa loob ng silid aralan na nakapagsasawa ng matagumpay at epektibong pagtuturo. Malaki ang gingampanang papel ng isang guro, ginawa ang lahat para makakapagbahagi sa kanyang estudyante ng mga kaalaman at mapanatili rin ang kanilang ugnayan sa klase. Sa panahong ito, makikilala at makikita talaga ang lubos na kahalagahan ng guro bilang gabay sa mga estudyante sa kanilang pagkatuto. Mula sa paggawa ng mga materyales o instrumento na gagamitin hanggang sa pagbibigay nito sa mga mag-aaral ay isang malaking trabaho na para sa mga guro ang may interaksyon kahit malayo sa isa't isa.

Talahanayan 15. Flexible Learning System ayon sa Methods

Flexible Methods	AWV	Description
1. Nakakamit ng mga mag-aaral ang mga layunin sa sari-saring mga paraan.	3.05	Epektibo ang Pagkatuto
2. Hinihikayat ang mga mag-aaral na sa isang kolaboratibong pagkatuto.	3.09	Epektibo ang Pagkatuto
3. Pinapataas ang abilidad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagdebelop ng malalim na dulog at responsibilidad ng magaaral.	3.06	Epektibo ang Pagkatuto
4. Nabibigyan ang mga mag-aaral ng “pointers to review” para maibsan ang stress sa pag-aaral ng mga paksang hindi kasali sa exam.	3.14	Epektibo ang Pagkatuto
5. Natutugunan ng guro ang multiple intelligences ng mga magaaral/ Nagagamit ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan at pamamaraan sa pakatuto..	3.18	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	3.10	Epektibo ang Pagkatuto

Inilatag mula sa talahanayan 15 ang antas ng pagkatuto ng mga respondente gamit ang Flexible Learning System ayon sa Methods. Makikita mula sa result ana ang may pinakamataas na antas ay ang , “*Natutugunan ng guro ang multiple intelligences ng mga magaaral/ Nagagamit ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan at pamamaraan sa pakatuto.*” na may 3.18 na average . Habang ang may mababang antas ng pagkatuto ay ang, “*Nakakamit ng mga mag-aaral ang mga layunin sa sari-saring mga paraan.*” Na may 3.05 na average. Ang Kabuuang mean sa talahanyan na ito ay may 3.10 na may deskripsyon na epektibo ang pagkatuto. Buhat sa mga natuklasan, masasabi na makabuluhan ang nabuong modyul sa tulong na rin ng FLS Committee na nagpasimuno sa naturang programa. Tunay na epektibo ang bunga ng pagsisikap dahil ang nabuong modyul ay nauunawaan at natutunan ng mga mag – aaral. Kaakibat nito, ang awtput ng mga mag – aaral na magpapatunay na talagang nauunawaan nila ang mga gawain at natatalakay ito ayon sa komrehensibong pamamaraan.

Binigyang – diin sa pag – aaral ni Cruz (2013), tungkulin ng isang guro na ilahad sa mga mag-aaral ang mga kabuuang impormasyon ng bawat aralin lalo na sa mga paaralanag walang internet at kulang sa mga kagamitan upang makabuo ang mga mag-aaral ng intelektwal na analisis sa akdang pinag-aralan. Ipaliwanag nang mabuti at magbigay ng halimbawa ang guro upang makakabuo ng imahinasyon ang estudyante kahit di niya ito nakikita at para lubos niyang maiintindihan.Kaya naman, inalisa ang kabuuang likha na kagamaitang pampagtuturo bago ito ipinamimigay sa mga mag – aaral. Bunsod nito, lahat ay naisakatuparan at nagamit ng maayos ng mga mag – aaral sa pagpapalawig ng kanilang kamalayan.

Talahanayan16. Flexible learning system ayon sa Assessment

Flexible Assessments	AWV	Description
1. Nakatatakda ang mga mag-aaral sa bilis ng gagawing pagtatasa.	3.01	Epektibo ang Pagkatuto
2. Nakapipili ang mga mag-aaral ng metodo ng pagtatasa ayon sa kanilang istilo ng pagkatuto	3.12	Epektibo ang Pagkatuto
3. Nakapagpapasya ang mga mag-aaral sa pamantayan at halaga na katumbas ng bawat pagtatasa.	2.99	Epektibo ang Pagkatuto

4. Natatasa ang performans ng mga mag-aaral sa deklarativo, prosidyural at kontekstwal na aspekto.	2.95	Epektibo ang Pagkatuto
5. Nakababahagi ang mga mag-aaral ng kanilang repleksyon, puna o komento pagkatapos ng mga gawaing pampagkatuto bilang pansariling pagtatasa.	3.09	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	3.03	Epektibo ang Pagkatuto

Mapapansin mula sa tatalahayan 16 ang antas ng pagkatuto ng mga respondente gamit ang Flexible Learning System ayon sa Assessments, makikita na ang pahayag na, *Nakapipili ang mga mag-aaral ng metodo ng pagtatasa ayon sa kanilang istilo ng pagkatuto*, na may 3.12 na average. Habang ang pinakamababang antas ay ang *Natatasa ang performans ng mga mag-aaral sa deklarativo, prosidyural at kontekstwal na aspekto*. na may 2.99 na average. Sa kabuuan, 3.03 na average na may deskripsyong epektibo ang pagkatuto. Mula sa resulta ng talahanayang ito, masasabi na ang mga respondente ay may angking galing at kakayahan sa mapamiling pamamaraan dahil sa bukod sa paraang inilatag ng guro, hinayaan rin nila ang makalilikha ng sariling istilo at ito ay naaayon sa kanilang kawilihan at pang – unawa. Bunga nito, masasabi na epektibo rin ang mga guro sa pagbuo ng kanilang modyul dahil natutugunan ng mga mag – aaral ang mga gawaing ipinataw mula sa modyul.

Sa ganitong usapin, tunay na malaki ang papel ng guro sa larangan ng pagkatuto ng mga mag – aaral dahil sila ang magsisilbing uhay sa pagpapalago ng kaalaman ng mga mag – aaral na produkto sa kanilang katauhan. Taliwas ito sa sinabi ni De Juan (2013) sa kanyang isinulat na artikulo, isinasaad dito na ang pinakamalaking suliranin ng mga guro ay ang kawalan ng gana ng mga estudyante sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Marami ang mga hamon at suliranin ng guro na kung saan minsan ito ay sanhi ng kanilang depresyon. Sa panahon ng pandemya, talaga namang nakakawala ng ganang mag-aral lalo na sa binagong paraan ng pagtuturo. Isang pasanin rin sa mga guro kung papaano nila mahihikayat ang mga mag-aaral na makikiisa sa kanila. Kung iuugnay ang antas ng pagkatuto ng mga respondente na tumugon sa pag – aaral at ang artikulo ni De Juan, masasabi na nasa kamay ng mga mag – aaral ang pagpapatakbo ng kanilang sistema sap ag – aaral, walang magagawa ang mga guro kung kawalan ng interes ang mga mag – aaral.

Talahanayan 17. *Kabuuang Resulta sa Flexible Learning System*

Indicators	Mean	Description
Access	3.02	Epektibo ang Pagkatuto
Content	2.94	Epektibo ang Pagkatuto
Participation	2.93	Epektibo ang Pagkatuto
Teaching and learning methods	3.10	Epektibo ang Pagkatuto
Assessments	3.03	Epektibo ang Pagkatuto
Mean	3.004	Epektibo ang Pagkatuto

Mapapansin buhat sa talahanayan 17, ang kabuuang resulta ng Flexible Learning System batay sa antas ng pagkatuto ng mga respondente. Angmay pinakamataas na antas ay ang Teaching and Learning Methods na may 3.10 na mean na may deskripsyong epektibo ang pagkatuto. Sa kabuuan, ito ay may mean na 3.004 na nagngangahulugang epektibo ang pagkatuto. Sa madaling salita, Ang FLS Program ng JRMSU System ay epektibo at ito ay natutugunan nang mas Madali at mas nauunawaan ng mga mag – aaral. Sa pamamagitan nito, nakalilikha rin sila ng kanilang sariling pagpapasya, dulog o teknik nang mapabuti ang kanilang awtput sap ag – aaral. Sa kabuuang, isang komprehensibong modyul ang nabubuo at ito ay nasasakyan ayon sa kagustuhan at kawilihan ng mga mag – aaral.

Talahanayan 18. *Performans ng mga Respondente sa Filipino sa Ikalawang Semestre (2021 – 2022)*

Subjects	General Ave.	Description
Filipino 1	2.52	Kasiya – siya (VG)
Filipino 2	2.40	Kasiya – siya (V6)
Filipino 3	3.14	Kasiya – siya (VG)
Filipino 4	3.25	Kasiya – siya (V6)
Over – all Ave.	3.12	Kasiya – siya (V6)

Makikita mula sa talahanayan 18 ang performans ng mga respondente sa asignaturang Filipino mula sa ikalawang semester sa taung panuruan 2021 – 2022. Kinuha ng mananaliksik ang General Average ng respondente buhat sa asignaturang kanyang ibinigay sa talatanungan. Ang ginawa ng mananaliksik, binuod ng mananaliksik ang General Average ng mga respondente ayon sa lebel ng kanilang kinabibilangan. Katulad na lamang, kung nasa unang taon, ang katapat nito ay Filipino 1, kung nasa ikalawang taon, Filipino 2, ikatlong taon naman ay Filipino 3 ata ang ikaapat na taon ay Filipino 4. Sa pamamagitan nito, madaling matukoy ang performans ng mga mag – araal na saklaw sa pag – araal.

Mula sa resulta, makikita na ang Filipino 4 ang may pinakamataas na antas ng pagkatuto na may 3.25 na General Average na may deskripsyong kasiya – siya (verry good). Ang resultang ito ay nagpapahiswatig na dahil nasa ikaapat na rin sila na baiting kaya mas mataas na rin ang kanilang lebel ng pagkatuto kumpara sa mababang lebel. Isa pang dahilan, kalimitan sa mga gawaing nakalatag sa lebel na ito ay ang pakitang – turo, kaya mataas na rin ang ang kanilang general average na nangangahulugang may angking galing at talino. Sa kabuuan, may 3.12 na General Average ang natuklasan na nangangahulugan na kasiya – siya. Ibig sabihin, ang mga respondente ay may taglay na kahusayan sa kanilang performans sa pag – araal at ito rin ay makikita mula sa antas ng pagkatuto nila sa tatlong domeyn na bahagi sa akademikong gawain ng mga mag – araal. Wika pa ni Rogers (2008) na binanggit ni Gito (2021) na karapatan ng guro sa silid-aralan ay gumagamit ngwastong teknolohiya basi sa pagtuturo at ito ay may kakayahang pasiglahin ang interesng mga estudyante sa kanilang pag-aaral, aktibong silid-aralan na kapaligiran pagpapabuti ng pagtuturo pagiging epektibo na ginagawang pag-aaral madali at kasiyasiya.

Talahanayan 19. Makabuluhang Pagkakaugnay sa Pagitan ng Konstraktibismong Pagkatuto, Flexible Learning System at ang Performans ng mga Respondente

Variable	Mean	Mean Difference	R - value	Decision
Konstraktibismong Pagkatuto at Performans ng mga Respondente	2.86	.26	.25	Significant
Flexible Learning System at Performans ng mga Respondente	3.04	.16	.08	not significant

Makikita sa talahanayan 19 ang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng kontraktibismong Pagkatuto na sinasaklawan ng Kognitib, afektib at saykomotor at ang performans ng mga respondente sa asignaturang Filipino. Mapapansin na may Mean Difference na .26 na may R – value na .25 na may desisyon na *significant*, na mayroong magkamuluhang pagkakaugnay sa antas ng pagkatuto na nakaangkla sa konstraktibismong Pagkatuto. Nangangahulugan lamang, na ang bawat respondente ay mayroon taglay na kahusaya sa lebel ng kanilang pagkatuto batay sa kognitb, afektib at saykomotor na domeyn.

Gayundin, tiungkol naman sa makabuluhang pagkakaugnay sa antas ng pagkatuto ng Flexible learning System ayon ng Access, Content, Participation, Teaching and learning methods at Assessments at ang akademikong performans ng mga respondente, makikita na may .16 Mean Difference at may R – value na .08 na may deskripsyon na *not significant* o walang makabuluhang pagkakaugnay ang dalawang nabanggit. Ibig sabihin nito, may kanya – kanyang estado ng pagkatuto ang bawat respondente at ito ay naaayon sa kanilang antas ng pagkatuto at ayon na rin sa kanilang taglay na sariling istilo sa pagtataguyod ng kanilang pag – araal.

VI. DISKUSYON

Mula sa mga nailatag na resulta ang mga respondente ay nakalilikha rin sila ng kanilang sariling pagpapasya, dulong o teknik nang mapabuti ang kanilang awtput sap ag – araal. Sa kabuuang, isang komprehensibong modyul ang nabubuo at ito ay nasasakyan ayon sa kagustuhan at kawilihan ng mga mag – araal. Ang mga respondente ay may taglay na kahusayan sa kanilang performans sa pag – araal at ito rin ay makikita mula sa antas ng pagkatuto nila sa tatlong domeyn na bahagi sa akademikong gawain ng mga mag – araal. Samakatuwid, kapwa ang mga respondente ay may angking kahusayan sa pkanilang pag – araal at bung ana rin ito sa pagkatuto nila sa kanilang aralin.

VII. KONKLUSYON

Mula sa mga nailatag na resulta, patunay lamang na ang mga respondente ay lubos na laging nararanasan ang iba't ibang hamon kaakibat sa bagong normal na kalakarang pang – edukasyon. Ang modyular na modality ay buong pusong niyakap ng mga respondente dahil ito ang nalalabing paraan upang maipagpatuloy ang pag – araal ng mga kabataan. Samakatuwid, anuman ang pagbabagong naganap, handa ang mga respondente na makisabay sa kasalukuyang kalagayan na hindi alintana ang pagod, hirap, kawalan ng pinansyal, at buong sakripisyo nila itong ginagawa. Bukod pa rito, sa likod ng mga pagbabagong naganap nagampanan pa rin ng mga

guro ang kanilang tungkulin nang buo, tapat at maayos na pagganap para sa kanilang mga mag – aaral. Hindi alintana ang anumang kakulangan, bagkus kanila itong naisasakatuparan nang makapaglingkod nang buong katapatan sa serbisyo. Kaya naman, patuloy na itatagayod at yaya kapin ng mga guro at mga mag – aaral ang mga pagbabago na nakaangkla sa bagong bormal na edukasyon tungo sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto upang ganap na mapabuti ang kaliangang pang – akademya.

SANGGUNIAN:

- [1] Al-Qahtani, A. A., & Higgins, S. E. (2013). Effects of traditional, blended and e-learning on students' achievement in higher education. *Journal of computer assisted learning*, 29(3), 220-234.
- [2] Bureros, G. M. A., Tanjay, A. A., Cuizon, D. E. S., Go, A. W., Cabatingan, L. K., Agapay, R. C., & Ju, Y.H. (2019). Cacao shell-derived solid acid catalyst for esterification of oleic acid with methanol. *Renewable Energy*, 138, 489-501.
- [3] Casanova, Arthur (2020). KWF Commisioner Ang Paggamit ng Filipino sa Pagbibigay Alam sa Covid 19, Metro Manila
- [4] Clavero, R., Parra-Luceres, A., Méndez-Valdés, G., Villa, E., Bravo, K., Mondaca, E., ... & Toro, L. (2022). Humoral immune response of BNT162b2 and CoronaVac vaccinations in hemodialysis patients: a multicenter prospective cohort. *Vaccines*, 10(9), 1542.
- [5] Cortés, F. (2013). Medio siglo de desigualdad en el ingreso en México. *Economía unam*, 10(29), 12-34.
- [6] Cruz, E. V., & Higginbottom, G. (2013). The use of focused ethnography in nursing research. *Nurse researcher*, 20(4).
- [7] De Juan, D., Pazos, F., & Valencia, A. (2013). Emerging methods in protein co-evolution. *Nature Reviews Genetics*, 14(4), 249-261.
- [8] Elen, J., & Clarebout, G. (2001). An invasion in the classroom: Influence of an ill-structured innovation on instructional and epistemological beliefs. *Learning environments research*, 4(1), 87-105.
- [9] Iglesia, Christian (2016). “Ang Edukasyon sa Buhay Tungo sa Pamamayagpag ”
- [10] Fidalgo, P., Thormann, J., Kulyk, O., & Lencastre, J. A. (2020). Students' perceptions on distance education: A multinational study. *International journal of educational Technology in Higher Education*, 17, 1-18.
- [11] Freeman, L. (2004). The development of social network analysis. *A Study in the Sociology of Science*, 1(687), 159-167.
- [12] García, M. D. G. (2020). Teaching from home. A necessary alternative in times of Covid 19. *Polo del Conocimiento: Revista científica-profesional*, 5(4), 304-324.
- [13] Geiser, S., & Santelices, M. V. (2007). Validity of high-school grades in predicting student success beyond the freshman year: High-school record vs. standardized tests as indicators of four-year college outcomes.
- [14] Gito, Mark Anthony M. (2021), Motibasyon, Estratehiya sa Pagkatuto ng Wikang Filipino at Akademikong Pagganap sa Asignaturang Filipino
- [15] Keegan, D. (2002). The Future of Learning: From eLearning to mLearning.
- [16] Macales, A. (2022). Antas sa Kasanayan ng mga Mag – aaral sa Pagsulat sa Gitna ng Bagong Normal na Edukasyon
- [17] Muleya, G., Mwase, D., Simuyaba, E., Mwewa, G., & Simui, F. (2020). Leveraging parental involvement in the education of their children as a conflict resolution strategy in selected secondary schools, Zambia.
- [18] Murphy, P. K., & Alexander, P. A. (2000). A motivated exploration of motivation terminology. *Contemporary educational psychology*, 25(1), 3-53.
- [19] Orosca, Gemma. , Juancho, Cheryl J. 2019. Integrasyon ng Multimedia sa Pagtuturo at pagkatuto sa Asignaturang Filipino
- [20] Pe Dangle, Y. R. (2020). The Implementation of Modular Distance Learning in the Philippine Secondary Public Schools. *Proceedings of The 3rd International Conference on Advanced Research in Teaching and Education*.
- [21] Ramírez-Marcial, N., Camacho-Cruz, A., González-Espinosa, M., & López-Barrera, F. (2006). Establishment, survival and growth of tree seedlings under successional montane oak forests in Chiapas, Mexico. *Ecology and conservation of Neotropical montane oak forests*, 177-189.
- [22] Rogers, P. J. (2008). Using programme theory to evaluate complicated and complex aspects of interventions. *Evaluation*, 14(1), 29-48.
- [23] Scholarships for Asian Students, 2014
- [24] Talsma, K., Robertson, K., Thomas, C., & Norris, K. (2021). COVID-19 Beliefs, Self Efficacy and Academic Performance in Firstyear University Students: Cohort Comparison and Mediation Analysis. *Frontiers in Psychology*.